Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod Dipolog

DepED RELEASED 18 MAY 2017
NAME/SIGNATURE DATE:

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 160, serye 2017

Sa mga: Tagamasid Pampurok
Punungguro ng Mababa at Mataas na Paaralan
Guro sa Filipino

Mula kay: **NATIVIDAD P. BAYUBAY**, CESO VI
Tagapamanihala Ng Sangay

Paksa: **BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2017**

Petsa: Mayo 18, 2017

1. Alinsunod sa Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1947 at Memorandum Pangkagawaran Blg. 58, s. 2017, sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino, ang Sangay Ng Zamboanga del Norte ay makikiisa sa pagdiriwang ng **Buwan Ng wikang Pambansa 2017**. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay **Filipino: Wikang Mapagbago.**

2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:
**a**. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041,s. 1997
**b.** mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito sa nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at
**c**.maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wika.

3. Tinatawag ang pansin sa talata bilang tatlo ng Memorandum Pangkagawaran Blg. 58, s. 2017 na pinagtangi-tangi ang mga lingguhang temang papatnubay at magsisilbing batayan ng lahat ng gawaing bubuuin at isasagawa sa isang buwang pagdiriwang. Ang Filipino koordineytor ng bawat paaralan ay maging katuwang ng punungguro sa pamamahala ng mga gawain sa pagdiriwang na ito.

4. Magkasabay na isasagawa ang **Pampaaralang paligsahan** para sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2017 ng Antas Elementarya at Sekundarya sa Agosto 25, 2017. Wala ng pandistrito, pangkongresyunal at pansangay na paligsahan hinggil sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika.

5. Higit na ipinapaalala ang pagbibigay-diin sa patakarang *"Instituting Measures To Increase Engaged Time-On-Task And Ensuring Compliance Therewith" ng DepEd Order No.*9, s. 2005.

6. Kalakip ng Memorandum na ito ang mga gawain/katergorya at mga pamantayan sa pagahahatol ng paligsahan.

7. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 58, s. 2017

20 MAR 2017

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2017**

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pampubliko at Pampribadong Paaralan

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng taunang **Buwan ng Wikang Pambansa 2017** tuwing ika-1 hanggang ika-31 ng Agosto alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Bilang 1041, s. 1997. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay *Filipino: Wikang Mapagbago.*

2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997;
b. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at
c. maganyak ang mga mamamayang Filipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

3. Ang lingguhang paksa sa loob ng isang buwang pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

a. Wikang Filipino, Susi sa Pagbabago;
b. Pangangalaga sa Wikang Katutubo, Pagpapayaman sa Wikang Filipino;
c. Wikang Filipino: Wika ng Maka-Filipinong Saliksik; at
d. Pagsasalin, Mahalaga sa Bago at Mapagbagong Karunungan.

4. Ang mga nabanggit na lingguhang paksa ang papatnubay at magsisilbing batayan ng lahat ng gawaing bubuuin at isasagawa sa isang buwang pagdiriwang. Hindi ito nakaayos ayon sa pagkakasunod-sunod upang magkaroon ng kalayaan ang lahat sa pagpaplano ng programa.

5. Para sa ibang detalye o impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa:

Komisyong sa Wikang Filipino
Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, Maynila
Telepono: (02) 736-2525, (02) 736-2524, (02) 735-2519
Email: komfil@kwf.gov.ph; komisyonsawikangfilipino@gmail.com
Website: www.kwf.gov.ph

6. Hinihiling ang mabilis at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**ATTY. ALBERTO T. MUYOT**
Pangalawang Kalihim
Nanunungkulang Kalihim

Kalakip ng Memorandum Pansangay Blg. 160, s. 2017

## I. MGA KATEGORYA NG PALIGSAHAN SA BUWAN NG WIKA 2017

**(Baitang 1-6)**

A. Pagbigkas ng Tula – isang kalahok mula sa Baitang 1
B. Paggalingan sa Pagbasa at Pag-unawa – isang kalahok mula sa Baitang 2
C. Deklamasyon – isang kalahok mula sa Baitang 3
D. Tagisan ng Talino at– isang kalahok mula sa Baitang 4
E. Pagbabalita – Bukas para sa mga mag-aaral ng Baitang 5
- Limang (5) kalahok ang bubuo ng koponan nito.

F. Masining na Pagkukuwento
G. Ispeling: Iispel Mo! – isang kalahok mula sa Baitang 6

## II. MGA PAMANTAYAN SA PAGHATOL NG PALIGSAHAN

### A. Tula (3-4 na saknong)

Piyesa ng Tula ------------------ 10%
Pagkasaulo --------------------- 30%
Dating sa Madla ----------------- 10%
Bigkas at Tinig ------------------ 25%
Kumpas at Ekspresyon ng mukha ----- 25%

### B. Deklamasyon (3-5 minuto)

- Pagsasalita ---------------------------------- 40%
  - Uri ng Tinig ----------------- 10%
  - Pagbibigkas ----------------- 15%
  - Balarila ------------------- 15%
- Personalidad at Kakayahan ------------------------ 60%

### C. Tagisan ng Talino

a. Ang mga tanong sa mga patimpalak na ito ay binubuo ng mga sumusunod na lebel/antas:
   Madali ------ -2 puntos sa bawat tamang sagot
   Katamtaman --- 3 puntos sa bawat tamang sagot
   Mahirap ------ 5 puntos sa bawat tamang saagot
b. Bubuuin ng limang mga tanong ang bawat lebel/antas ng patimpalak, ang mga kalahok ay may pagpipiliang mga sagot maliban sa antas na MAHIRAP.
c. Babasahin ng dalawang beses ang mga tanong sa bawat lebel/antas.
d. May nakalaang sampung Segundo ang bawat kalahok, makaririnig sila ng tunog ng bell at dapat nang itaas ang mga sagot nila dahil ito ay hudyat nan g pagtatapos ng sampung segundo.
e. Ang mga kalahok ay susulat ng kanilang sagot sa 1/8 illustration board.
f. Ang may pinakamataas na puntos ang idedeklarang panalo at tanghaling Kampiyon sa Pansangay na Tagisan ng Talino.

### D. Pagbabalita

**May limang (5) kalahok ang bawat koponan.**

- Daloy ng Pagbabalita (flow of newscasting) ---------------- 30%
- Pagkakaisa ng pangkat (teamwork) ------------------- 30%
- Sining ng Pagpapaniwala ng tagapakinig ----------------20%
- Tikas at anyo ------------------------------------ 20%

Kalakip ng Memorandum Pansangay Blg. 160, s. 2017

I. **Mga Kategorya ng Paligsahan Sa Buwan ng Wika 2017 (Baitang 7-10)**

a. Malikhaing Pagsulat (isang kalahok) at Paligsahan sa Pag-awit – (Awiting Filipino) (isang kalahok)

- Bukas ang paligsahan sa mga mag-aaral ng Baitang 7 o Baitang 8

b. Informance (apat na kalahok) at Balagtasan (8-10 minuto)- tatlong kalahok

- Bukas ang paligsahan para sa mga mag-aaral ng Baitang 9 o Baitang 10

## II. Mga Panuntunan at Pamantayan sa Paghatol ng Paligsahan

### A. MALIKHAING PAGSULAT

1. **Panuntunan**
   - Ang tema at ang uri ng akdang susulatin ay ibibigay sa araw ng paligsahan
   - Ang malikhaing pagsulat ay tatagal ng dalawang (2) oras
2. **Pamantayan**
   - Orihinalidad **(40%)**
   - Organisasyon **(35%)**
     -kasasalaminan ng kulturang/pagpapahalagang Pilipino
     -may panimula, gitna at pangwakas na bahagi
     -may kakaibang estilo
   - Mekaniks **(25%)**
   - Gumamit ng wastong bantas
   - Gumamit ng wastong salita

### B. BALAGTASAN

1. **Panuntunan**
   - Ang pangkat ang inaasahang susulat ng kanilang piyesa na tatalakay sa itatakdang piyesa:

**" Alin Ang Mas Mahalaga? Ang Karunungan O Ang Kasipagan "**

Ang bawat pangkat ay dapat magdala ng tatlong kopya (3) ng kanilang piyesa sa araw ng paligsahan.

   - Bawat piyesa ay bubuuin ng tigtatatlong tindig (bukod pa rito ang panimula at pagtatapos ng lakandiwa). Susulatin ito ayon sa mga kumbensyon ng tradisyonal na tula. (may sukat at tugma).
   - Ang piyesa at pagtatanghal ay inaasahang sumusunod sa ganitong daloy:
     a. Pagsisimula ng lakandiwa
     b. Unang tindig ng mambabalagtas 1
     c. Unang tugon ng mambabalagtas 2
     d. Ikalawang tindig ng mambabalagtas 1
     e. Ikalawang tugon ng mambabalagtas 2
     f. Ikatlong tindig ng mambabalagtas 1
     g. Ikatlong tugon ng mambabalagtas 2
     h. Rebuttal ng mambabalagtas 1
     i. Rebuttal ng mambabalagtas 2
     j. Pagtatapos ng lakandiwa
   - Maaring lumihis ng kaunti sa daloy na ito sa pamamagitan ng maikling pagsingit ng lakandiwa at iba pang kaugnay na dagdag sa sangkap, subalit kailangang hindi ito makasira sa nabanggit na daloy.
   - Bawat pangkat ay mayroong 8-10 minuto para sa pagtatanghal.
2. **Pamantayan (Balagtasan)**

2.1)Piyesa ------------------------- 60%
   a. Paglinang ng paksa - -------30%
   b. Pagtatagpo ng katwiran-------15%
   c. Kahusayan ng mga katwiran-15%

2.2)Pagbigkas- ------------------- 40%
   a. Linaw sa pagbigkas---------15%
   b.Tindig sa entablado -------15%
   c.Kasuotan ----------------10%